STATE OF CALIFORNIA
DEPARTMENT OF MOTOR VEHICLES
A Public Service Agency

PORMA PARA SA REKLAMO SA PAG AKSES SA WIKA

SEKSYON 1- PROSESO SA REKLAMO

Kung sa tingin mo ang Department of Motor Vehicles (Department of Motor Vehicles (DMV)) ay hindi nagawang maghatid sa iyo ng serbisyo dahil sa wika o iba pang mga hadlang komunikasyon sa wika, kumpletuhin ang pormang ito at ipadala ito sa: **Department of Motor Vehicles, Attn: Bilingual Coordinator, Language Access Complaint Form, 2570 24th Street, M/S J266, Sacramento, CA 95818**

SEKSYON 2 – IMPORMASYON NG PAKIKIPAG-UGNAY

PANGALAN | APELYIDO

TIRAHAN

LUNGSOD | ESTADO | ZIP-KOWD

NUMERO NG TELEPONO
( )

EMAIL ADDRESS

MAS GUSTONG PAMAMARAAN SA PAKIKIPAG-UGNAY

☐ Telepono ☐ Koreo ☐ Email

SEKSYON 3 – MGA DETALYE NG REKLAMO

PETSA NG PANGYAYARI

Paraan ng Pakikipag-ugnay

☐ Sa Personal ☐ Telepono ☐ Email ☐ Pagsusulatan ☐ Iba pa _____

Anong wika ang kinakailangan mo ng tulong?

☐ Armenyano ☐ Cantonese ☐ Hindi ☐ Koreyano ☐ Mandarin
☐ Punjabi ☐ Espanyol ☐ Tagalog ☐ Vietnamese ☐ American Sign Language
☐ Iba pa _____

(Mga) problema sa hadlang sa komunikasyon o daan sa wika (lagyan ng tsek ang mga naaangkop):

☐ Kakulangan ng bilingguwal na tauhan
☐ Kakulangan ng mga serbisyo ng tagapagsalin
☐ Kakulangan ng naisalin na mga materyal o mga porma
☐ Kakulangan ng mga palatandaan sa pagpapabatid sa publiko sa mga serbisyo sa tagapagsalin o pagsasalin
☐ Iba pa: _____

Lugar ng Pangyayari (kung ang pangyayari ay naganap sa isang opisina ng DMV)

TIRAHAN

LUNGSOD | ESTADO | ZIP-KOWD

PAGLALARAWAN NG PANGYAYARI

ANG MGA PATAKARAN NG DMV SA MGA SERBISYO NG WIKA

Alinsunod sa mga inaatas ng Batas ng mga Serbisyong Bilingwal ng Dymally-Alatorre o Dymally-Alatorre Bilingual Services Act, ang DMV ay ganap na nakatuon sa pagbibigay ng pantay na pagbibigay akses sa mga departamental na programa ng kagawaran at mga serbisyo sa lahat ng mga tao, kabilang na ang mga yaong limitado sa kakayahan sa Ingles o limited English proficient (LEP) o hindi nagsasalita ng Ingles. Lahat ng mga programa na pang departamento ay magbibigay ng serbisyo sa mga paraan na makilala ang indibidiwal na mga pagkakaiba at sensitibo sa mga pagkakaiba ng kultura. Nakasalalay sa mga indibidwal na mga pangangailangan, ang epektibong komunikasyon sa mga parokyanong may LEP o hindi nagsasalita ng Ingles dapat na makamit sa pamamagitan ng paggamit ng bilingguwal na mga tauhan, mga nakasalin na mga nakasulat na dokumento, at/ o mga naka-kontratang serbisyo ng mga tagapagsalin.

ABISO SA PANGSARINLAN

Ang Pagkolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon. Ang Communication Programs Division of the California DMV ay nangongolekta ng impormasyon sa "Porma Para sa Reklamo sa Pag Akses sa Wika" alinsunod sa Dymally-Alatorre Bilingual Services Act, *California Government Code* (CGC) Section 7290, et seq. Ginagamit ng DMV ang impormasyong ito upang mapabuti ang komunikasyon sa mga tao sa estadong ito, gaya ng nakalagay sa CGC Section 7291, at upang sumunod sa iba pang mga probisyon sa ilalim ng CGC Sections 7292(a) at 7299.4 subsections (a) and (d). Ang personal na impormasyon na nakolekta sa pamamgitan ng mga ahensya ng estado ay napapailalim sa mga proteksyon na matatagpuan sa Information Practices Act, *California Civil Code* Section 1798, et seq., at polisiya ng estado. Ang pangkalahatang patakaran sa palihim ay makukuha sa **www.dmv.ca.gov**.

Ang Pagbibigay ng Personal na Impormasyon. Ang pagkompleto sa pormang ito ay kusang-loob. Gayunpaman, kung hindi ka magbibigay ng sapat na impormasyon, maaaring hindi maresolba ng DMV ang iyong alalahanin sa wika at maibigay ang iyong hinihiling na serbisyo. **Mangyaring huwag magbigay ng anumang personal na impormasyon na hindi hinihiling gaya ng numero ng social security, numero ng lisensya sa pagmamaneho, pinansiyal na account, medical o pangkalusugang impormasyon,atb.**

Akses sa Iyong Impormasyon. Kung humiling ka na gawin ito, maari mong suriin ang lahat ng personal na impormasyon sa anumang mga rekord tungkol sa inyo na iniingatan ng DMV, na itinatadhana sa ilalim ng Information Practices Act at iba pang mga batas. Tingnan sa ibaba para sa impormasyon ng pakikipag-ugnay.

Posibleng Pagsisiwalat ng Personal na Impormasyon. Upang makapagbigay ng epektibong komunikasyon sa mga yunit ng DMV at ng publiko, maaaring kinakailangang ibahagi ng Communication Programs Division ang personal na impormasyon na iyong ibinigay sa ibang mga yunit sa loob ng DMV. Ang impormasyon na iyong ibibigay ay maaari ring isiwalat sa mga sumusunod na mga kalagayan:

- Bilang tugon sa isang kahilingan ng Public Records Act, gaya ng ipinapahintulot sa pamamagitan ng Information Practices Act
- Sa ibang ahensiya ng pamahalaan, gaya ng iniaatas ng pang-estado o pederal na batas
- Bilang tugon sa isang utos ng hukuman o administratibo, isang subpena, o ng isang utos sa paghahalughog

Impormasyon sa Pakikipag-ugnay. Ikaw ay maaaring kumuha ng kopya ng iyong pampublikong rekord sa pagmamaneho sa **www.dmv.ca.gov** o sa alinmang sangay na opisina ng DMV sa panahon ng regular na oras ng opisina. Para sa tulong sa pag-akses sa iyong mga rekord sa oras ng opisina o upang gumawa ng tipanan, tumawag sa **1-800-777-0133.**

Para sa mga tanong tungkol sa pormang ito, maaari kang makipag-ugnay sa **Department of Motor Vehicles, Attn: Bilingual Coordinator, 2570 24th Street, M/S J266, Sacramento, CA 95818**.

CALIFORNIA DEPARTMENT OF HUMAN RESOURCES LANGUAGE ACCESS COMPLAINT PROCESS

Kung sa tingin mo ay hindi sapat na natugunan ng DMV ang iyong kahilingan para sa isinalin na materyales o mga serbisyo sa tagapagsalin, maaari kang maghain ng reklamo para sa kakulangan ng sapat na pag-akses sa iyong wika laban sa DMV sa California Department of Human Resources (CalHR) sa telepono (866) 889-3278. Ang numero ng telepono na ito ay mag-uugnay sa iyo sa isang voice recorder kung saan maaari kang mag-iwan ng mensaheng nagpapaliwanag ng mga detalye ng reklamo. Ang Bilingual Services Program ang mag-aasikaso sa paglutas sa DMV. Ang mga voice recording na ito ay naglalaman ng mga tagubilin sa mga sumusunod na mga wika: Ingles, Armenyano, Arabo, Cantonese, Farsi, Hapon, Koreyano, Mandarin, Punjabi, Ruso, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese. Para sa tulong sa labas ng mga wikang ito, makipag-ugnay sa CalHR's Bilingual Services Program sa telepono (916) 324-0970.